

3. Paanyaya At Pag-asa Mula Kay Hesus...Gagabayan Ka Niya Patungo sa Panalangin ng Pagpapasakop

Ika 14 ng Marso 2016...Mensahe Mula Sa Panginoong Hesus sa Pamamagitan Ni Sister Clare...

“Nangungusap Ako sa inyo ngayon mga Ligaw na Tupa, hindi kayo kailangan mamuhay sa takot sa inyong kaaway. Pag ibinigay ninyo ang buhay ninyo sa Akin, iingatan Ko kayo, magtatalaga Ako ng mga anghel para mangalaga sa inyo. Makikipagtipan Ako sa inyo araw-araw at bibilinan Ko kayo, kung ibibigay ninyo sa Akin ang oras ninyo. Susubaybayan Ko kayo sa lahat ng ginagawa ninyo at may sorpresang nakalaan para sa inyo, mabuting sorpresa, panawagan at mga regalang hindi ninyo inaakalang mayroon kayo. Mga bagay na pagmumulan ng inyong walang katapusang kagalakan at kasiyahan. Mga bagay na itinago sa inyo ng kaaway sa pamamagitan ng pagbibigay sa inyo ng kalungkutan at masalimuot na pamumuhay.”

“Ang pamumuhay na ito, na nagbibigay sa inyo ng panandaliang importansya sa sarili, ay walang kabuluhan at walang habambuhay na gantimpala. Ito ay nagbibigay lang ng kaguluhan, karamdaman, kapaitan at kamatayan. Hindi nito mapupugso ang uhaw ninyo sa pag-ibig, ang tunay na mahalaga.”

“Oo, alam Ko ang lahat tungkol sa inyo at mahal Ko pa din kayo. Nais Ko pa din kayong makasama sa Aking kaharian. Oo, alam Ko kung gaano kapait at kalupit ang naging buhay ninyo pero pinapangakuan Ko kayo ng tahanan kasama Ko. Oo kasama Ko kung saan ang bawat araw ay puno ng pag-asa, bawat buwan ay puno ng paglago, taon-taon ay namumunga ng mayabong na kagalakan.”

“Ngunit kailangan ninyong talikuran ang mga balikong landas na tinahak ninyo sa buhay ninyo, talikdan nyo ang mga ito, halikayo at ibigay ninyo sa Akin ang inyong buhay. Gagabayan at hahawakan Ko ang inyong kamay at dadalin Ko kayo sa tagumpay. Mapapagtagumpayan ninyo ang mga bagay na laging nananaig sa inyo, mapupuno kayo ng kabuluhan at pag-asa, na kung saan sa nakaraan ay pawang pighati lamang, pagkakapiit, pang-aapi, kadiliman na bumabalot sa inyo sa bawat araw.”

“Oo andito Ako para iligtas kayo, Aking mga Anak, Andito Ako para pugsain ang sumpa ng tanikala sa inyong pamumuhay. Andito Ako para gamutin ang inyong walang katapusang pasakit na nakatanim sa inyong mga dibdib. Alam Ko kung ano ang pakiramdam ng kinamumuhian at nililibak. Alam Ko ang pakiramdam ng halos mamatay ka na sa pagkakagulpi. Alam Ko ang pakiramdam ng sinisikaran sa mukha ng mga taong kabutihan lang nila ang iyong nais. Galing Ako dun sa mga dagok ng buhay na yun at napagtagumpayan Ko ang mga iyon sa pamamagitan ng pag-ibig, pagmamahal. At gagawin Ko din sa inyo yun bibigyan Ko kayo ng kalakasan magmahal at magtagumpay sa pag-ibig.”

“Papawiin Ko ang pait at panghuhusga ng nakaraan at lalagyan Ko kayo ng balabal sa inyong likuran at singsing sa inyong kamay. Andito Ako para ibalik sa inyo ang buhay na ninakaw sa inyo nung kayo ay isilang. Oo ibabalik Ko kayo sa tunay na pagkatao ninyo na hindi ninyo alam ay pwedeng mangyari sa inyo. Oo palalayain Ko kayo at iingatan at dadalhin sa Aking kaharian kasama Ko.”

“Ang kailangan nyo lang gawin ay tanggapin ang Aking pagmamahal at sabihin ‘ Oo Panginoon. Ngayon ibinigay ko sa iyo ang aking buhay at kaluluwa. Patawarin mo po ako sa kabuktutan ng buhay na aking tinahak, patawarin mo po ako sa mga nagawa kong kasalanan sa iba at tulungan mo po akong patawarin din sila sa mga

nagawa nila sa akin. Manahan ka sa aking puso Panginoong Hesus. Maghari ka sa palpak na buhay na mayroon ako, itinataas ko ito sa iyo.’ ”

“Sambitin nyo ito Aking mga anak ng taos sa inyong puso at yayahapin Ko kayo at dadalhin sa masaganang hinaharap. Oo ipinangako Ko ito sa inyo, ibigay ninyo sa Akin ang inyong buhay at ibigay Ko sa inyo ang aking pag-asa. Ang tabing ng pagkabalag, ang tindi ng pighati na nasa inyong mga puso ay papawiin Ko. Gagamutin Ko ang inyong mga sugat at itataas Ko kayo sa inyong mga kaaway. Pagtatagumpayan ninyo ang mga dagok ng nakaraan at hindi nyo na ito muling kakatakutan pa.”

“Halikayo, ilagay ninyo ang kamay ninyo sa Aking mga kamay. Halikayo Aking mga Anak. Sabay tayong lalakad palabas sa tanikala ng nakaraan patungo sa maaliwalas at puno ng pag-asang hinaharap. Halikayo.”